

**Umiiral at planadong mga hakbang sa
pagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng lahi**

Kagawaran ng Seguridad

Ang Kagawaran ng Seguridad (SB) ay may pananagutan para sa mga polisiya na may kaugnayan sa seguridad, kasama ang pagpapanatili ng batas at kaayusan, nagpapatupad ng pagkontrol sa imigrasyon at customs, pagbibigay rehabilitasyon sa mga nagkasala, pagbibigay ng mga serbisyo sa sunog at pag-rescue, at trabahong laban sa droga.

9 advisory at statutory bodies at exhibition centre sa ilalim ng SB ay nagbibigay ng iba't ibang pampublikong serbisyo, kabilang ang: -

1. Ang Hukuman ng Pagpaparehistro ng mga Tao
2. Hukuman ng Imigrasyon
3. Ang Lupon ng Pag-apela ng mga HKSAR na Pasaporte
4. Ang Lupon ng Pag-apela sa Appointment ng Sibil na Nagdiriwang ng mga Kasalan
5. Awtoridad sa Industriya ng Seguridad at mga Serbisyo sa Pagbabantay
6. Lupon sa Pagsusuri ng Pangmatagalang Sentensya sa Bilangguan
7. Lupon ng Pagpapalabas sa Ilalim ng Pagbabantay
8. Lupon ng Pagbabantay sa Pagkatapos ng Pagpapalabas
9. Sentro ng Impormasyon sa Gamot ng Hong Kong Jockey Club

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at nakaplanong mga hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, kontakin lamang si Ms. Jenny LEUNG (Punong Opisyal ng Ehekutibo (Administrasyon)) sa pamamagitan ng sumusunod na channel -

Numero ng : 2810 3017
Numero ng Fax : 2868 5074
Email : sbenq@sb.gov.hk
Postal na Address : 9th Floor, East Wing, Central Government Offices, 2 Tim Avenue, Tamar, Hong Kong

**Kagawaran ng Seguridad
Mayo 2026**

Ang Hukuman ng Pagpaparehistro ng mga Tao, Hukuman ng Imigrasyon, Ang Lupon ng Pag-apela ng mga HKSAR na Pasaporte at Ang Lupon ng Pag-apela sa Appointment ng Sibil na Nagdiriwang ng mga Kasalan

- | | |
|-----------------------------------|--|
| Mga Serbisyo na Kasama | <ul style="list-style-type: none">● Ang Hukuman ng Pagpaparehistro ng mga Tao, Hukuman ng Imigrasyon, Ang Lupon ng Pag-apela ng mga HKSAR na Pasaporte at Ang Lupon ng Pag-apela sa Appointment ng Sibil na Nagdiriwang ng mga Kasalan ay humaharap sa mga apela na ginawa sa ilalim ng bawat mga regulasyon. Ang mga pagdinig o pagpupulong ay isasaayos upang harapin ang mga apela. |
| Mga Umiiral na Hakbang | <ul style="list-style-type: none">● Ang 4 na mga Hukuman / Lupon ay gumagamit ng Intsik at / o Ingles sa probisyon ng mga serbisyo nito.● Ang 4 na mga Hukuman / Lupon ay nagbibigay ng serbisyo sa pagsasalin sa panahon ng pagdinig kung hihilingin. |
| Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap | <ul style="list-style-type: none">● Ang 4 na mga Hukuman / Lupon ang mga serbisyo nito sa pana-panahon at gagawa ng mga pagpapahusay kung kinakailangan● Ang 4 na mga Hukuman / Lupon ay kokolekta ng impormasyon sa mga gumagamit ng serbisyo na nangangailangan ng serbisyo sa pagsasalin sa isang boluntaryo at kumpidensyal na batayan. |

Awtoridad sa Industriya ng Seguridad at mga Serbisyo sa Pagbabantay (SGSIA)

Mga Serbisyo na Kasama

- Isinasaalang-alang at tinutukoy ng Awtoridad ang mga aplikasyon para sa Lisensya ng Kumpanya ng Seguridad (SCL) ayon sa Ordinansa ng Seguridad at mga Serbisyo ng Pagbabantay (SGSO) (Cap. 460).
- Ang Awtoridad ay nagsasagawa ng pagdinig upang isaalang-alang at matukoy ang mga aplikasyon mula sa Komisyoner ng Pulis para sa isang rebokasyon o suspensiyon ng Pahintulot ng Panseguridad na Tauhan sa ilalim ng SGSO.

Mga Umiiral na Hakbang

- Ang isang aplikasyon para sa isang SCL ay maaaring lamang gawin ng isang kumpanya. Ang aming serbisyo ay walang pagpanig kung pag-uusapan ang lahi at hinahatid sa parehong Ingles at Intsik.
- Magbibigay ang Awtoridad ng libreng serbisyo ng interpretasyon sa telepono sa mga tao na may magkakaibang lahi sa walong mga wika sa pamamagitan ng Serbisyo ng Interpretasyon at Pagtatanong sa Telepono (TELIS) ng Sentro para sa Kaayusan at Pagpapabuti ng mga Etnikong Minorya na mga Residente (CHEER), kung kinakailangan.
- Sa panahon ng pagdinig, ang serbisyo ng interpretasyon ay ibinibigay sa mga tumutugon na walang kakayahang makipag-usap sa alinman sa Intsik o Ingles.

Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap

- Kinokolekta ng Awtoridad ang mga istatistika sa paggamit ng serbisyo ng interpretasyon ng mga taong may magkakaibang lahi para sa isang mas mahusay na pag-unawa sa kanilang pangangailangan at susuriin ang pagiging epektibo ng kasalukuyang mga hakbang sa pagtulong sa kanila para sa aming mga pampublikong serbisyo, kung kinakailangan.

Lupon sa Pagsusuri ng Pangmatagalang Sentensya sa Bilangguan, Lupon ng Pagpapalabas sa Ilalim ng Pagbabantay at Lupon ng Pagbabantay sa Pagkatapos ng Pagpapalabas

- | | |
|-----------------------------------|--|
| Mga Serbisyo na Kasama | ● Ang Lupon sa Pagsusuri ng Pangmatagalang Sentensya sa Bilangguan, Lupon ng Pagbabantay sa Pagkatapos ng Pagpapalabas at Lupon ng Pagpapalabas sa Ilalim ng Pagbabantay ay gumaganap sa kanilang mga itinakdang paggana tulad ng ibinanggit ng Ordinansa ng Pagsusuri sa Pangmatagalang Sentensya sa Bilangguan (Cap. 524), Ordinansa ng Pagbabantay sa mga Bilanggo Pagkatapos ng Pagpapalabas (Cap. 475) at Ordinansa (Pagpapalabas sa Ilalim ng Pagbabantay) sa mga Bilanggo (Cap. 325) ayon sa pagkakabanggit. |
| Mga Umiiral na Hakbang | ● Tulad ng karamihan sa mga komunikasyon sa pagitan ng tatlong mga lupon at ang mga taong nasa kustodiya sa pamamagitan ng Kagawaran ng mga Serbisyong Koreksyonal (CSD), ang Kalihim ng Lupon ay nakikipagtulungan ng masinsinan sa CSD upang matiyak na nauunawaan ng mga taong nasa kustodiya ang mga nilalaman ng liham na ibinigay sa pamamagitan ng tatlong mga lupon. Bilang karagdagan, ang mga nakasulat na representasyon na natanggap ng Kalihim ng Lupon sa mga wikang banyaga ay sa kasalukuyang isinalin sa alinman sa Intsik o Ingles para sa karagdagang paghawak. |
| Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap | ● Ang Kalihim ng Lupon, paminsan-minsan, ay nakikipagtulungan sa CSD upang masuri ang pagiging epektibo ng aming mga komunikasyon sa mga taong nasa kustodiya at maghanap ng posible at praktikal na pagpapahusay sa mga komunikasyon. |

Sentro ng Impormasyon sa Droga ng Hong Kong Jockey Club

- Mga Serbisyo na Kasama ● Ang Sentro ng Impormasyon sa Droga ng Hong Kong Jockey Club (DIC) ay nagsisilbing hub at focal point para sa mga aktibidad laban sa droga sa pamamagitan ng pagho-host ng mga interaktibong eksibit na pang-edukasyon at iba't ibang aktibidad upang mapahusay ang pang-iwas na edukasyon laban sa droga at publisidad sa Hong Kong.
- Mga Umiiral na Hakbang ● Ang permanenteng eksibisyon, mga may gabay na tour ng pangkat at ang programa ng interaktibong teatro ay inihahatid sa Tsino at Ingles. Mula noong 2024, ang ilang nilalaman ng eksibit ay magagamit din sa mga wika tulad ng Bahasa Indonesia, Hindi, Urdu, Nepali, Thai, at Tagalog upang mapadali ang pag-access para sa mga grupong hindi nagsasalita ng Tsino sa DIC. Ang mga QR code ay kitang-kitang nakalagay sa DIC, na nagbibigay sa mga bisita ng agarang akses sa mga wikang ito.
- Kapag hiniling, magbibigay din ang DIC ng mga may gabay na tour sa ilang partikular na wika (hal. Urdu) na tuma-target sa mga etnikong minorya. Ang ilang partikular na pampublisidad na materyales laban sa droga ay makukuha rin sa mga wika ng magkakaibang lahi.
- Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap ● Patuloy naming ipapatupad ang mga umiiral na pamamaraan at pana-panahong tatasahin ang paghahatid namin ng serbisyo alinsunod sa mga komentong natanggap para masiguro ang walang pagkiling sa lahi.
- Karagdagang mga Hakbang na Gagawin / Kailangan na Gawin ● Isang bagong holographic video na nagtatampok ng isang Nepalese drug rehabilitee na nagbabahagi ng kanyang mga karanasan bilang dating drug abuser ay ilulunsad sa 2026.